FHM

FOR HIS MALACAÑANG




NO ID NO ENTRY
Bato
Dela Rosy

PAMPUTUKAN 2017-2018

Micah Uson
GOODBYE MALACAÑANG

Popoy Claudio
FIVE STAR

Pabebelicious
BIG BAWANG

Best Jesus
SINTURON NI HUDAS

Pstar-7
PLA-PLA

Nico Lasalsal
POP POP

G Lang
BOGA

Mariah Clara
WATUSI

Alyanna Grande
WHISTLE BOMB

MGA KATUWANG NA PANGPUTOK

Tiny4k
LUCES

Anak ng TinaPie
KWITIS

TAGAPAGSINDI & MGA TAGAPUTOK

KANDILA, Kagawaran ng Pulpol Sci
LIGHTER, Kagawaran ng Peelosopeeya
POSPORO, Kagawaran ng Kasagsagan
KATOL, Kagawaran ng Fine Ass
SIGARILYO, Kagawaran ng Filipeeno

MGA NAKIPUTOK NA MIYEMBRO

Tino D. Titihin, Blue Jabmokho, Snowball117, Mamshie Yora, Dumdum Deds Siyaco, Annoying Oranga, Mr. Lex Santanas, Abdul Jaqul Habatiti, Viagrus Jones, Chupapa, Maria Walanzawa, Penis Medina, Hindilaw, Ellen the Darna, at Sugablue


Para sa mahal naming mga mambaBASA,

Kumakaunti na raw ang naghuhubad na kabataan sa kasalukuyan. Ayon sa huling Kantot-Kalimot survey ng FHM 2016 sa mga mambabasa, 2.3 bahagdan na lamang ng edad 17-26 ang naghuhubad. Karaniwan na lang daw naghuhubad ang mga kabataan sa tuwing naliligo o nagbibihis. Noon, tinatakpan pa ang mga mata ng bata sa tuwing may bastos sa TV o sine, ni nakahubad na katawan ay bawal.

Ngayon namang lumaki na at nagkamuwang, saka kusang umiwas sa paghuhubad. Wala namang mali sa paghuhubad, dahil dito nag-uumpisa ang kakayahan sa imahinasyon - ng isang seksing babae o kaya machong lalaki - habang gumagala na ang mga kamay mula sa taas pababa sa hardin ng Eden upang makatikim ng langit. Mahalaga ang paghuhubad dahil dito makikita ang tunay na kulay - ang hugis, ang laki, ang talbog, ang amoy, ang kutis, ang lahat - ang lahat ng totoo at hindi natatakpan ng kahit ano.

Kaya't minarapat ng isyu sa taong ito na paigtingin pa ang paghuhubad, ipaintinding ang paghuhubad ay hindi lang lunsaran ng imahinasyon ngunit sisiran din ng emosyon at katotohanan. Isang paghuhubad na lampas sa mga damit lamang at tumatagos sa katotohanan ng katawan at ng karanasan. Dahil ang mismong paghuhubad ay nagsisilbing panangga ng marhinalisado laban sa paghipo ng kamay na bakal.

Patuli ang laban,
Pamputukan 2017-2018
For **H**is **M**alacañang



For **H**is **M**alacañang
Pabalat ni Micah Uson

Sa banal na paraiso at palasyo ng Malacañang, nakababad at naliligo sa dugong-tubig si Tatay Dugong. Nangangamatis siya sa pagkagalit, pagkagigil, at pagkahumaling, habang abot-tanaw ang mga durogista at iba pang nasa matigas at mahabang listahan ng kaniyang kikilitiin... este kikitilin. Papalapit at papalubog na rin ang sungay na lumulutang sa galak — lalapit, tuturok, aabot sa karurukan, at patuloy na maghahasik ng lagim.

TABLE OF CANTUTS



















02 Manila Rockin Trains
06 What to Call Bae
10 Presstitute Voices
14 Keyboard Waaarriors
16 Pagbabalat-bilat
18 Libugin Mo Ako
22 Biik Buller Wait
26 Lenee the Escapee
28 Daddy Duts' Cabinet
30 Usapang Oral #TalkDirty
32 Fast Talk - Tita Licatutan
34 Saan aabot ang 365 M mo?
38 Majestic Sights - Why it's more fun in the Philippines
48 Beauty Obsessions
50 FHM's Top Ten Sexiest Moves
58 Oplan Tukhang
60 Hari, Reyna, o Sirena?

MANILA ROCKIN TRAINS

CONFESSIONS: MGA KABABALAGHAN AT KUWENTO SA MRT

Sulat ni **Joy Ride**, Mga Kuhang Lara 1 ni **G Lang** at **Annoying Oranga**, at Lapat ni **Micah Uson**

MAINIT AT NANLALAGKIT – iyan ang araw-araw na karanasang pinapatikim sa mga sumasakay ng MRT (Manila Rockin' Trains) na kilalang lugar ng mga kababalaghan sa Maynila. Tunay nga na kahit tutok ang sikat ng araw ay walang pakundangan ang mga nagtatangkang gumawa rito ng kabalbalan. Narito ang ilang mga mapangahas na paglalantad ng ilang mga taumbayan na ginalaw sa MRT.

Araw-araw akong dumadaan diyan. Ibang klase talaga yung init, lalo na pag na loob na ako, sa bagon. Sobrang sikip din. Ngayon nga may bago silang nilagay, pati sa istasyon mismo magiging mainit na kasi tinakpan nila yung natural na hanging pumapasok dahil sa mga bintana nilang nilagay – alam ko sinisigurado ng mga taga-MRT (Manila Rockin' Trains) na mga balahibo at buong katawan ko titindig sa init

Hard WOrker

"Nagpakilala siya sa akin, Jun Abala raw ang pangalan niya. Kasama niya si Roman Banaffle. Matamis sila magsalita. Pinangakuan nila ako ng mas malaki, mas mahahaba at mas mabilis na pagpasok. Kada 2.5 minuto daw ang pagdating ng bagong papasok sa akin. Papadala raw nila sa susunod na taon yung mga bagong tren. 1 year na, ni isa sa 48 wala pang napapasok sa akin. Araw-araw naaabala pa rin ako dahil sa mga kagagawan ni Jun Abala at mga kaibigan niya."

manana kay

"May nakilala akong Janitor diyan sa MRT (Manila Rockin' Trains). Nagtataka ako dahil araw-araw, may regalo siya sa akin – at hindi pipitsugin ha! Sabi niya P83,566 daw kasi ang sinasahod niya buwan-buwan, kahit yung tren lang ang nililinis niya. Dun kasi siya nagtatrabaho sa maintenance ng MRT – yung BURI (Buhusan Ur Rails Inc.). Para masulit ang bayad sa kanya, pati ako nililinis niya."

Mrs. Clean

"Pagdating ng mga pinangakong bagong bagon, hindi naman nagagamit. Noong una, hindi kasi nila maisuot kasi lumalagpas, ulo lang yung nakakalusot. Antay ako nang antay tapos sabi masyado raw malaki at mabigat. Bigla na lang nilang tinira-tira yung likod ko tapos kahit hindi angkop 'yung signal, dire-diretso at halinhinan pa rin sila. Hindi nila mapahinto kahit masyado nang gasgas. Pinagtripan lang nila ako!!! Ngayon, kailangan ko pa silang bayaran ng 3.8 Billion pesos."

Wasak

"Maraming beses ako ginalaw ng BURI (Buhusan Ur Rails Inc.), iyon dapat na nag-aasikaso sa maintenance sa MRT (Manila Rockin' Trains). Bigla na lang 'yang dumating, hindi siya dumaan sa normal na bidding. Noong una pahipo-hipo lang sina Abala at sina Deo Mananalo kasama nung mga barkada nilang nasa MRT pa rin ngayon, 6 sila. Tapos pinagpipilitan na nilang ipasok sa mga babae, lalaki, basta may butas. Simula noon, wala nang nakakatakas sa BURI, kahit naka-2,619 na aberya na – mula sa pag-pullout araw-araw dahil sa mga glitch, yung iba dahil sa bagon, sa riles, sa kuryente. Sa kalagitnaan ng aksiyon biglang pinalalabas 'yung mga tao. Umaabot pa noon na 3 beses akong naabala sa isang araw. Ngayon, sinisingil pa ako ng BURI ng 53.5 Million buwan-buwan!!! Wala namang napapalitang parts at nagpapagawa lang sila sa ibang machine shop sa Bulacan."

NAWALAN NG PURI

"Ibang klase talaga yan, lalo na kapag rush hour. Hindi talaga ako makaintay sa pagdating nito. Tapos kapag mas matagal akong nag-iintay, mas lalong basang-basa. Di ko na kailangan mag-gym, dahil nakaka-exercise na ako dahil sinusubukan namin lahat ng posisyon basta't maipasok lang nang buong-buo. Sa gabi, napapakapit na lang talaga ako sa pinto, ang sikip eh."

MaRTa Sutra

"Masaya naman ako na yung mga gumalaw sa akin ay naiimbestigahan na. Pinatawag na sina Jun Abala dun. At nilantad din ni Al Vital Call na kumita sila ng 195 Million dun sa pinagagawa nila sa amin, dun sa binili nilang mga tren na hindi magamit. Pinapatawag nga din nila si Ma Rosas dun, kaso sa ngayon nakabinbin pa yung paglilitis. Pero sa ngayon, babalik-balikan ko pa rin yang Manila Rockin' Trains, hindi ako makatiis eh."

Wait num ako

Nakita naman natin kung gaano ka-wild ang mga kabalbalang ginawa sa ating mga tagatangkilik ng Manila Rockin' Trains. Kahit na hanggang ngayon ay inaabala at binabayaran pa rin nating taumbayan ang utang natin sa mga kapalpakang ito, lahat ng aming mga nakapanayam ay nagsabi na sila ay sasakay at sasakay pa rin araw-araw sa MRT dahil wala naman silang ibang choice. Nagdadasal na lang sila na huwag na silang mapagsamantalahan muli – dasal lang talaga!



WHAT TO CALL BAE

Sulat ni **Pen Pen Medina**, Sining at Lapat ni **Anak ng TinaPie**

Sa panahon ngayon, nauuso na ang malalambing na tawagan ng mga magkasintahan tulad ng "Bae", "Babe", "Baby" at iba pa. Ngunit sa sobrang uso nito, nawawalan na ng pagka-sweet ang mga nicknames na ginagamit dahil marami na kayong kapareha sa tawagan. Minsa'y magtatampo na lamang si Bae dahil wala ka nang ibang maitawag sa kaniya. Hindi ka na papansinin, hindi ka na lalambingin. Yung para bang nanlamig na talaga siya, yung para bang nakikita mo na wala talagang... forever. Pero huwag mag-atubili! Upang maiwasan ang panlalamig ni bae, gumawa kami ng top ten listahan ng mga pantawag o phrases na siguradong magpapalingon sa kaniya. Ngunit hindi lang ito para sa mga may kasintahan, maaari ding gamitin ng mga kaibigan nating single ang mga ilalatag naming tips para makapag-coffee na kayo ni crush! Nyeaaammmm

TOP CALLS

"UY MISS, SMILE KA NAMAN!"

Maiging gamitin ito kapag maasim ang mukha ni Bae. Lalo na kung tila may iniisip siya at nais mapag-isa, ibig-sabihin noon ay lalong kailangan ka niya. Kapag sinapak ka ni Bae o ni Crush, okay lang iyon - ibig sabihin gusto niya ng physical contact at mapapangiti mo talaga siya kapag nagpasapak ka na lang.

"TINGIN KA NAMAN DITO MISS"

Magandang gamitin ito kung nasa core personality mo na talaga ang pagiging under the spotlight and for some reason hindi ka pinapansin o tinitingnan ni Bae. Tandaan: hindi ka naman nagpapapansin, ine-exercise mo lang ang rights mo bilang natural born star.

"PSST MUSTA"

Gamitin ito kapag bagong ligo at fresh ka para madagdagan mo pa ito ng swabe moves tulad ng paghawi ng buhok. Kung hindi naman, okay lang dahil lalake ka na nagbibigay sa iyo ng karapatang mangialam sa buhay ng iba. Maiimpress mo rin si Bae sa improvisation skills mo sapagkat madalas gamitin ang Uy, psst, wit-wiw at iba pa kapag nakalimutan o hindi mo alam ang pangalan ni Bae.

"GANDA MO MISS!"

Sino naman ba ang ayaw makarinig ng compliments? Mainam ipakita kay Bae na nakikita mo ang tunay niyang ganda. Pero warning: huwag na huwag mo siyang hahayaan na sumang-ayon sa iyo sapagkat bahagi ng kagandahan ang pagkakaroon ng mababang loob.

"MISS PA-KISS"

Kapag nakita mo si Bae na pulang pula ang lips, ibig sabihin niyan gusto niyang makipaghalikan. Tiyak na maa-appreciate niya kung sasabihan mo siya ng "pa kiss" o kaya nama'y "momol naman diyan!"





“WOW, LEGS!”

Hindi masamang i-assume na nais magpapansin si Bae kapag naka-maikling shorts o palda siya na nagpapakita ng kaniyang mga hita o legs. Wala ring masama kung papansinin mo ito na may kasama pang pagsipol.

“PAISA NAMAN DIYAN!”

Kung ano man ang isa dito, bahala ka na. Basta kapag nakita mo na si Bae at sadyang tinamaan ka na ni Kupido sa pagkalalaki mo, mabuting sabihan o abisuhan mo na si Bae. Henceforth : Pa-isa naman diyan, if you know what I mean ;)

“SABAY KA NA SA ‘MIN MISS”

Maganda itong litanya kapag susunduin mo na si Bae at parang ayaw niya pang umalis. Dito magandang magpasama sa tropa para hindi deliks. Para rin kapag hindi sumama si Bae, tropa mo na lang kasama mo.

“TARA NA MISS!”

Iteration lang ito ng naunang pahiwatig, mas agresibo lamang.

“KANIN NA LANG ANG KULANG!”

KDapat lamang gamitin ang tawag na ito kapag galit na talaga si Bae o si crush. Ginagamit lang ito sa mga malalang sitwasyon upang hindi agad mawalan ng bisa ang litanya.



May mga ilan dng karagdagang tips upang mabighani mo si Bae o si crush. Ilan sa mga ito ang pagpapatugtog ng malakas na music sa daan at paghinto ng iyong sasakyan sa tapat ni Bae. Paniguradong makukuha mo ang atensiyon niya at malay mo, magamit mo pa ang ilan sa mga linyang nabanggit kanina. Kung wala ka namang radyo o kaya'y sira ang speakers mo, maaaring gumawa ng sariling musika gamit ang sariling labi tulad ng pagsipol o kaya'y pag-smack ng lips. Makikita mo sa mukha ni Bae ang lubhang pandidiri. Pero wag mag-alala, nandidiri lang siya sa sarili niya kung bakit ngayon ka lang niya napansin. Kung hindi naman ikaw ang nagpapapansin kay Bae o crush kundi ang iyong tropa, maaari n'yong i-like ang mga status na "X and Y are now friends". Dagdagan mo pa ng comments tulad ng "HOKAGE", "Miss, delikado ka diyan HAHAHHA", o kaya'y "JACKPOT!"

TO-DON'T LIST

Para naman sa mga mambabasa nating kababaihan, ngayong alam niyo na ang pasakit na pinagdadaanan ng kalalakihan makuha lang ang atensiyon ninyo, ito ang mga dapat niyong hindi gawin:

1.

Magsumbong. Huwag na huwag kayong magsusumbong sa inyong kapamilya o mga kaibigan tungkol sa nangyari sa iyo. Lalong huwag na huwag ka ring tatawag sa mga Women's desk hotline tulad ng Women and Children Protection Center (WCPC) sa kanilang numero 410-3213. Huwag mo ring bibisitahin ang website na **http://www.pcw.gov.ph/directory/vaw-hotlines** para sa mga numerong maaari mong tawagan kung kinakailangan.

2.

Magbasa. Huwag na huwag kayong magbasa ng mga testimonya laban sa tinatawag nilang "catcalling," walang ganoon. Hindi rin nakakatulong na maglahad ng iyong sariling karanasan online dahil baka mapahiya ka lang.

3.

Manlaban. Wag na wag kang manlaban, miss. Alam mo yan. Tahimik ka lang. Walang makakarinig sa iyo. Gusto mo naman nito diba? Lalo na't ang ikli ng damit mo. Wag na wag kayong manlaban o magdala lagi ng pepper spray, taser, emergency light, at iba pa. Lalo na yung "rape" whistle kuno. Hindi rin magandang kumuha ng self-defense lessons na makapagliligtas sa buhay mo.

PRESSTITUTE VOICES

Our Readers' Sexy Thoughts Delivered Monthly.

Sulat ni **Hindilaw**, Sining nina **Anak ng TinaPie** at **Mr. Lex Santanas**, at Lapat ni **Anak ng TinaPie**

Masarap magkuwentuhan at makatanggap ng reaksiyon. Ika nga ni Propetang Mocchah, symbolism ang mahalaga sa makabagong panahon. Kaya naman narito kami, nakikibagay. Basahin ang iba't ibang mga symbolismo ng makabagong propagandista ay este ilustrado na hitik ngayon sa internet.

LIZQUEN, KATHNIEL, JADINE, ALDUB... FHM, SINO ANG MGA NAGPAPAKILIG SA INYO NANG SOBRA-SOBRA? - @THESHIPCLUB



Sabihin sana namin Jon Loyd and Bea Alonsauce pero may isang sobrang extreme kilig. Walang sinabi ang mga iyan sa One True Pair. The sexiest and most sizzling of all, DugongxMocchah

Mochong.

IF THIS IS TRULY THE GAME OF TUHRONS, PLEASE BE WARNED TODAY: THE PETER NORTH REMEMBERS, AND IT WILL NEVER FORGET - HYME MARCURSE



Siya sige! Fans rin kami ng GOT. Pakinggan ang mga LENIsters. **Pay your debts.**

Berto Batumbakal
Gusto ko ito · Mag-reply · 69 · 6 oras

Tonton T. Gang
Gusto ko ito · Mag-reply · 69 · 6 oras

Durian Grey
Gusto ko ito · Mag-reply · 69 · 6 oras

UNLI DAPAT ANG NET SA PINAS. AS IN FREE WIFI G KAYO?

Yes. G kami... pero with reservations. **"For the nights are dark and the comment sections are full of terrors."**

DEAR FHM, DAHIL MGA BURGIS AT BIASED KAYO, ALAM KONG MAGREREKLAMO KAYO SA USAPANG UBER AT GRAB. PAKINGGAN N'YO NAMAN ANG GOBYERNO. ANG GRAB AT UBER AY NAG-ABUSE NG KANILANG RIGHTS. IT DEPENDS NOW KUNG SILA BA'Y MAPAPAYAGAN NG ADDITIONAL FRANCHISE, PERMITS. -@DEVILSADVOKAT"

Medyo may punto ka. Romantic din naman ang bus. Pwede mong makilala ang iyong admirer, the one pa nga. Masaya rin ang Jeep. Walang sinabi ang Uber o GRAB. Mabibighani ka sa laki, bilis at init. Magigising ang iyong kaluluwa! Mararamdaman mo na mas lumalapit ka na sa Maykapal. At siyempre, the best pa rin ang Taxi. Parang game show lang ang transpo. Walang pinipiling contestant. Lahat pwedeng sumali. Kapag minalas, pasensiya.

Salamat pa rin sa iyong puna. Mukhang lulong kami sa aming bias. Kailangan namin ng Change.



CHANGE HAS COME! NATALO MGA DELAWAN. LAHAT SILA BOBO!!!!! IKA NGA NG ISANG KANTA "STARTED FROM THE BOTTOM"

#PROTECTTATAYDUGONG - ANONIMUS"

...We're still here.

Kailangan natin magmatiyag. Protect the President. Ika nga **#PrayforthePhelipines**



KUNG MAGHOHOST KAYO NG PARTY PARA SA MGA NASA WHORES OF REPRESENTATIVES, ANO ANG TRIP NIYO?"

Siyempre may hamon, lechon, crispy pata, pork barbeque. Buffet style. Siyempre may entertainment rin. Mahilig sila sa mga Playgirls. Natural mga chicks iyan, magagandang diyosa. Kung kaya nila magperform sa Laguna, for sure kaya nila dito.

KUNG MAGBIBIGAY KAYO NG INUMIN KAY TITO SHOKOY, ANO YUNG PIPILIIN NIYO? - PRIMERANG ETCHOSERA"

BeBsi. Di siya nakalalasing. Di rin tubig. Masarap, malakas ang espirito. Flattering. **Parang na-ano ka lang.**

HI FHM! ANONG BANDA ANG TUNOG BAHASA? FOLLOW UP PAANO MAGPROPOSE SA CRUSH HIHI-@PINOYDADDY"

Ang Bandung Shirley. Sus.

Advice namin? Makibagay sa makabago. Magrenta ka ng billboard. Mas maganda pag sikat na kalye. Dapat major road, yung may maraming traffic para more etchos. Magsama ka pa ng Youtube compilation, FB status na may dating as in siya yung "one thing you've ever desired" (as in erotic and creative status ha) at IG posts ng iyong kayamanan. Sure Yes iyan. Napakaromantic, sobrang memorable.



KEYBOARD WAAARRIORS

Pu-keyboard ng ina ko, Pu-keyboard ng ina mo rin!

Sulat ni **Maria Walanzawa**, Sining at Lapat ni **Anak ng TinaPie**

Kung isang tigasin ka o titigasan pa lang na may account sa Peysbuk, malamang na nakikita mo sa comments section sa ibaba ng mga posts ang mga matitikas na mandirigma na nakikipag-away sa lahat a.k.a. Keyboard Warriors/Army ng ating machong pangulo na si Papa Big D. Ngayon, dahil hindi naman talaga maiiwasan ang makipag-away online sa mga taong may tamang argumento at maalam sa iba't ibang fallacies dahil sa katangahan at pagkawalan nila ng tiwala sa ating butihing presidente, mas maigi na maging handa ang mga tsong upang makipaglaban gamit ang mga keyboard na ito!



MOCHA UTHONG XXX69

Gawing mas mainit ang mga pag-aaway sa Peysbuk. Kaya ng kulay mocha na keyboard na ito na baligtarin ang mga balita na nakikita sa internet gamit ang "pek news" na pindutan, at baguhin ang mga larawan ng mga pangyayari sa bansa sa paggamit ng "symbolism" na pindutan. At kung sobrang lala na ng pag-aaway, kaya ka nitong hanapan ng mga kakampi sa pagpapadala ng signal (dahil sa antenna nito) sa buong barangay na nagsasabi ng "Gaano ito katotoo, mga ka-DDS?". Bilugan at malambot ang bawat kulay pink na pindutan ng keyboard na ito ngunit, madalas tumitigas kapag nasobrahan sa pag-pindot at paghimas.

Halaga: Php 1,545.00, kasinghalaga ito ng isang tiket sa konsiyerto ng Pucke Girls. Kung may problema ang keyboard, maaari na lamang tumawag sa 734-44-50 at ididirekta kayo agad sa PapaD Communications Oplan Orgy.



SEXS JOGANDO SUPHOT

Taasan ang antas ng katalinuhan ng sagutan. Gamit ang pindutang "sass me", maaaring maisalin ang mga pahayag mo mula Filipino sa Ingles na may maayos pang balarila. Kung nais namang palalimin ang mga mababababaw na salita upang matakot ang mga kalaban, pindutin lamang ang "educate" button. At kung lumala pa lalo ang away at tila hindi ka na nagmumukhang matalino at may pinag-aralan, agarang pindutin ang "debate" button upang hamunin sila sa isang debate kahit alam mo naman na isang abogado ang kahaharapin mo. Ang keyboard na ito ang nag-iisang keyboard na may balat na supot na maaaring himasin pataas at pababa para sa mga babaeng bibili. Para naman sa lalaki, may mabuhok at mamasa-masang bersyon nito.

Halaga: Php 432,132.00, kasingrami ito ng likes ng keyboard na ito sa Peysbuk.



THICKKINGPINYS

Kung nais mo ng umaatikabong bakbakan online, gamitin lamang ito dahil punong-puno ito ng mga pindutan ng iba't ibang mura na maaaring maisip ng isang tao. Sa pagbili nito, magkakaroon ka ng walang katapusang access sa kanilang website na may napakaraming tunay na balita. Maaari ka ring magpahiya ng iba't ibang tao na kumakalaban sa ating daddy sa pamamagitan ng pindutang "screenshot". Kukuha ito ng litrato ng isang post ng kalaban, at matik na nagagawa ng paliwanag sa kung gaano kabobo ang taong iyon. May dalawang pulgada ang kapal ng itim na keyboard na ito at may haba na siyam na pulgada na kasyang-kasya sa kahit anong butas.

Halaga: Php 6,900.00, ayos 'di ba?



J3J3K0L$ 22O

Mas magiging nakakatawa ang mga maiinit na pakikipagbakbakan sa Peysbuk kung gagamitin itong kulay bahagharing keyboard na may mga batik na puti at hindi pangkaraniwang alpabeto sa mga pindutan. Hindi ka lamang nito tutulungan sa gyera, bibigyan ka rin nito ng blow-out job dahil babayaran ka ng kumpanya na gumawa nito ng Php 500.00 na pwede mong ipanglamon para lang manghikayat ng ibang tao (katorse pataas) na makikipag-away rin. Saan ka pa? Sa pagpindot mo rin ng espesyal na pindutan na "anakan", manganganak ka ng iba't ibang accounts sa Peysbuk para "the more the merrier" ang pera at ang nakikipag-away. Kapag hinimas-himas nang mabilisan ang keyboard na ito, may ungol na maririnig sa gilid dahil sa built-in speakers nito.

Halaga: Php 500.00, pinakamura na para sa mga mahihirap na walang mapangkain.



POMPEPE LA VIGINA DIRTISTA

Gawing mas edukado ang mga pakikipag-away online gamit ang keyboard na ito na gawa ng isang premyadong mamamamahayag. Dahil dito, mas magiging kapani-paniwala na mga pahayag mo na hindi naman maayos ang basehan gamit ang pindutang "showdown". Maaari ka ring magkaroon ng panayam kasama ang mga iba't ibang kalaban ni Big D at palabasin na purong katangahan ang kanilang pinagsasasabi gamit ang built-in microphone nito. Maaari ka ring magkaroon ng sariling live video show sa Peysbuk gamit ang kasamang webcam nito na maaaring magpalit ng background na parang palabas sa telebisyon. Ang keyboard na ito ay kulay balat at may maasim na amoy. May butas din ito sa gitna na maaaring pasukan ng mga matitigas, mahahaba at malalaking bagay paloob at palabas.

Halaga: Php 1,200.00, may pagkamura dahil ikaw mismo ang magtuturo sa iyo kung paano maging isang premyadong mamamamahayag.

Pagbabalat-bilat

Sulat ni **Tino D. Titihin**, Sining ni **Glang**, at Lapat ni **tiny4k**

Magandang araw po sa inyo, itago na lang po ninyo ako sa pangalang Michael. Isa po akong lalaking may hindi pangkaraniwang fetish patungkol sa pagmumukhang babae at pakikipagtalik sa mga babae sa loob ng kanilang mga pampublikong palikuran. Nagmula po ito noong nasa high school po ako nang una po akong malagyan ng kolorete ng mga babae kong kaibigan. Sabi nila kung gaano ako kagwapo kapag lalaki ako, ay ganoon din ang aking kagandahan kung naging babae ako. Kung kaya sa pamamagitan ng liham na ito, nais kong iparating kung papaano ko ginagawa ang transpormasyon sa pagiging babae at kung papaano ako nakaka-iskor sa mga babaeng aking nakakasalamuha kapag ako'y nasa anyong babae.

Unang-una, kailangan na maaari kang magmukhang babae sa gagawin mong pagbabago. Kung hindi ka pinagpala sa hugis ng mukha at kung halata na lalaki ka pa rin, hindi ito ang tipo ng pamamaraan upang maka-iskor sa mga babae sa CR. Kailangan lagi kang makakapasa bilang babae: balingkinitan, bilugan ang mukha at magaslaw ang pagkilos.

Kung natapos na ang unang kahilingan, ito ang susunod na dapat gawin. Bumili ng iba't ibang kolorete. Mayroong mamahalin at mayroong mumurahin. Pero mas maganda kung bibili ng mamahalin. Iyon kasi ang karaniwang ginagamit ng mga kababaihan at siyempre, mas maganda ang kalidad nito kung kaya mas makatutulong ito sa pag-iibang anyo.

Nang kumpleto na ang aking mga kagamitan, nagsanay ako ng pagkokolerete sa pamamagitan ng mga tutorials sa YouTubol. Unang inilalagay ang moisturizer nang kumapit ang make-up na gagamitin. Susunod ay ang foundation at concealer upang pagandahin ang kutis at itago ang bakas ng pagkalalaki—tulad ng balbas. Susunod ay ang contour, ito ang magpapakinis at pagpapabilog ng mukha upang mas maging mala-babae ang hugis ng mukha nating mga lalaki. Gumamit ng beauty blender upang pagsamahin at burahin ang linya ng contour at gawin itong mas natural.

Sunod naman ay ang paggawa ng kilay upang mas maging kaaya-aya. Kailangang gawing arko ang kilay at nipisan ito kumpara sa pangkaraniwang makapal na hugis nito sa mga kalalakihan. At ang panghuli ay mga labi. Hindi naman kailangang pula ang kulay ng labi, mayroong iba't ibang kulay na maaaring gamitin. Ang mahalaga ay mailabas at maipakita ang mga labing kay tambok at kaaya-aya. Isa na lamang ang kulang. Iyon ay ang peluka. Maraming ibinibenta sa mga palengke na peluka, ngunit hindi ito mukhang tunay na buhok kung kaya't kailangan pang bumili ng peluka mula sa ibang bansa.

At kung makumpleto na ang mga nasabing hakbang, damit pambabae na lamang ang kailangan. Maaari ka na ngayong lumabas sa lansangan bilang isang babae. Gamitin ang anyong mapanlinlang upang mapagsamantalahan ang pagkakataong ito upang makasiping ang isang kapwa babae sa loob mismo ng palikuran, o kung hindi man papalarin, ay magmatiyag lamang — pamasid-masid naghahanap ng tiyempo na makasilip sa isang babaeng naghuhubad o kaya nama'y umiihi sa loob ng mga cubicle.

Maraming beses ko na itong nagawa at ilang beses naman na akong naging matagumpay. Ni hindi nga ako nasisita ng kahit sinong awtoridad kasi hindi naman nila ako mapagsuspetsahan na lalaki o kasuspetsa-suspetsa ang aking mga kinikilos. Dahil kung hindi ka magmumukhang babae, tunay na babae, baka mapagkamalan kang rapist o kaya isang nababaliw na lalaki. Lalo na ang mga guard, sila pa naman ang mapanghusga at mapangsuspetsa. Kailangan tambok ang dibdib, magaslaw ang galaw at may pilantik ang kamay. Kung hindi ka pumasa, sisitahin ka at ang pinakamasaklap tatawagin kang "ser" sa harap ng lahat. Nakakahiya!

Pero sa totoo lang, sobrang napahiya talaga ako minsan sa isang palikuran. Pagkapasok ko sa CR ng mga babae, ilang minuto lang, pumasok ang isang babaeng sekyu at tinawag ang atensyon ko. "Ser, bawal po ang lalaki rito". Lumapit siya sa akin, kinapa ang aking dibdib at sabing, "teka, bakit may suso ka?". Sobrang napahiya ako sa ginawa ng babaeng sekyu. Lahat ng mga babae sa CR ay nakatingin sa aming dalawa, nagtataka, nangungutya at naguguluhan. "Ate, babae ho ako" sabi ko sa sekyu at itinulak siyang papalayo. Nakita ko ang pagkagulat sa mga mukha ng mga babae sa CR kasama na si ate sekyu sa ginawa ko.

Pero, pilit pa ring lumapit ang babaeng sekyu. "Kung babae ka, dapat bilat ang nasa ilalim nito" sigaw niya sabay kapa sa gitna ng aking mga binti. "Hindi ka babae ah, may titi ka eh" gulat na sigaw ni ate. "Umalis ka rito, lalaki ka, hindi ka babae" sigaw ng babaeng sekyu. Sa sobrang hiya, napayuko na lang ako. "Iyan kasi eh, kahit na may dibdib ka at mukha kang babae, kung may titi ka pa rin, lalaki ka pa rin. Huwag kang ambisyosa. Hindi ka babae, wala kang matres" galit na sabi ni ate. Humagulgol akong lumabas sa cr kasi...

Babae ako. Alam kong babae ako.

Lubos na gumagalang,

Michelle

LIBUGIN MO AKO

Sulat ni **Blue Jabmokho**, Sining ni **Snowball117**, at Lapat ni **tiny4k**

Interviewer: Hello! Maari ka bang magpakilala?

PINAS: Hello ebribadi! My neym is Maria Patricia Isabela Luwalhati Inday Perlah Imelda Nora Aunor Sampaguita dela Cruz. PILIPINAS or PINAS for short! 16 yirs old, PILIPINS!

Interviewer: Wow! Ang haba naman ng pangalan mo, what an exquisite name for such a beautiful lady. So magsimula muna tayo sa mga simpleng tanong. What are your hobbies and/or favorite things?

PINAS: Oh uhmm ano haha, mahilig po akong magpaapi, kink ko po kasi yung yung pagiging submissive ahihihi. Pero mahilig din po ako mag-gardening, fishing, and the likes po. Marami po akong favorite stuffs pero meron po along hate na hate.

Interviewer: At ano naman iyon?

PINAS: Maygawd I H8 DRAGS

Interviewer: Oh mabuti yan, mabuti. So since nabanggit mo na ang kinks mo, ano naman ang type mo sa isang lalaki? I'm guessing yung macho eh, no?

PINAS: Ay opo naman. Gusto ko yung mga lalaking nagte-take charge po ba. Type na type ko po talaga yung mga batak ahihi at saka yung mga controlling talaga.

Interviewer: Now that we have that in mind, sige let's go to our main topic. What makes you crazy? As in ano yung mga bagay na ginagawa o tinataglay ng isang lalaki na bumabaliw sa iyo.

PINAS: I guess ano po, nakakabaliw for me kapag di ko na alam yung nangyayari sa akin sa sobrang controlling niya. Gustong-gusto ko po iyon hahaha.

Interviewer: Hindi ka ba nasasaktan kapag ganon? O kaya'y nahihirapan?

PINAS: Nahihirapan po. Pero okay lang ahihi mesheket pero mesherep. HAHAHHA

Interviewer: Siguro makabubuti para sa ating mga mambabasa na nalaman kung papaano mo na-develop ang taste mo sa kalalakihan. Maaari mo bang ikuwento?

PINAS: Ay opo naman, okay lang sa akin, para din malaman nila kung ano talaga ang gusto ko.

Interviewer: Sige, simulan natin sa: Who was your first love or lover and what was your experience with them like?

PINAS: Ay yung una ko. Yung una ko actually came as a surprise. Yung tipo bang never kong inakala na siya na iyon. Bigla nalang siyang dumating sa buhay ko and boom! My life was changed. BIG TIME. Maputi actually, and sobrang galing niya and controlling. I can't even remember 'yung buhay ko (cont.) before he came. As in pinalimot niya sa akin lahat. Siya din



'yung pinakamatagal ko.

Interviewer: Bakit naman nagtapos ang relasyon ninyo? May nangyari ba? And how did he specifically treat you that made you go crazy for him?

PINAS: Ano kasi eh, nung simula medyo aggressive siya? As in pinakita niya talaga na gusto niya akong makuha. Sinabi niya na kailangan niya daw ako. Sa super controlling niya maski mga paniniwala ko binago niya. Even until today, 'yung belief ko kay Lord galing sa kaniya. Kaso noong sa dulo hindi na siya sweet. Nanlamig na siya. What more, someone better came along. Yun na 'yung next ko.

Interviewer: Okay so for this next one, Kano ito if I remember correctly?

PINAS: Ay yes po. Honestly ito naman yung nanghinayang ako kasi hindi naman talaga namin kasalanan kung bakit kami nagkahiwalay. Ang galing niya nga mang fuck-over eh ang sherep ahihi pero pinaramdam niya talaga sa akin na mahal niya ako.

Interviewer: Paano niya naman pinaramdam sayo ang kaniyang love? Also I'm very curious ha kung papaano ka niya finuck-over

PINAS: Oh siya kasi yung nagpaaral sa akin, para daw na kahit wala na siya or may mangyari kaya ko na mag-isa. Feel na feel ko tuloy na he's not in it for himself lang. 'Yung tipo bang gusto niya rin akong sumaya. 'Yung sa fuck-over maraming beses at maraming ways eh, pero pinaka-memorable sa akin yung akala ko maghihiwalay na kami, medyo gusto ko na humiwalay pero ayun sabi niya okay lang daw tapos maya-maya ayaw na naman niya. Very controlling pero I guess it was for the best. Nagkabalikan kami actually pero sandali lang, then we stayed friends until now, pero medyo weird place kami ngayon.

Interviewer: Hmmm mukhang minahal mo talaga itong taong ito ah. Is this breakup a different scenario ba from the first one?

PINAS: Actually hindi masyado, we were on the verge, wow big word hahaha, of breaking up naman. Then someone came along. This time nga lang, never kong nagustuhan 'yung guy. Napilitan lang ako kasi nadali niya ako.

Interviewer: Paanong "nadali"?

PINAS: Ayon. Sinabog niya sa loob ko, sa aking "Manila" hahaha. Pinutok niya eh, nagulat ako. Eh ako rin naman pinanghinaan ng loob so ayun, pinatulan ko na. Pero grabe, never ko siyang minahal. Ang liit kaya! Hindi niya ako na-satisfy ever. What more may relasyon pa ata sila nung isa sa mga friends niya, isa sa mga guy friends niya! I mean, kaya ko namang i-tolerate ang mga LGBT people pero grabe siya. Good thing binalikan ako nung second ko para ilayo sa third kong Hapon.

Interviewer: Salamat sa pagbabahagi ng iyong kuwento PINAS, ngayon higit na naming maiintindihan kung papaano ka paligayahin. Masasabi mo bang ganito rin ang nararamdaman ng mga kapuwa mong babae?

PINAS: Oo naman! Bilang babae masasabi ko na ang gusto lang namin ay magpa- "ungol"

Interviewer: PINAS?! Anong ginagawa mo??

PINAS: Ay sorry po, nadala lang ako ng damdamin. All this talk about all these stuffs po eh hahah. Na-finger ko tuloy sarili ko.

Interviewer: PINAS sorry pero hindi ito mabuting asal.

PINAS: Well sorry ulit pero you misunderstand me. Na-finger ko lang sarili ko kasi ngayon wala na sa aking gumagalaw so I tend to "violate" myself hahahaha. Pinangalanan ko pa nga itong middle finger ko. Ang sarap niya kasing gamitin para i-fuck ang sarili ko eh.

Interviewer: Ah ganoon ba, sorry PINAS, may malalim palang pinanghuhugutan ang iyong mga kilos. Bago naman tayo magtapos, maaari mo bang ipakilala sa amin yang finger mo?

PINAS: Ah ito si Do-Dirtey, I use it to DO myself kasi ahihihi. And minsan, I like to get dirty ;) Sa ngayon I just fuck myself over. Di ko na rin mapigilan. Di ko alam kung tanga ako o sadyang learned helplessness lang. Pero it feels good. So ayun hahaha.

Interviewer: Salamat PINAS sa pagshe-share ng iyong storya.



ARAL. DASAL.



TIWALA.

BIIK BULLER WAIT

Sulat ni **Dumdum Deds Siyaco**, Sining ni **Snowball117**, at Lapat ni **tiny4k**

Palapit na nang palapit ang pagbubukas ng UWAK. Kaugnay dito, maririnig na naman ang mga chants tulad ng "One Big Pak!", "Anino!", "Yuppie Fight!", "Go Ube!", at iba pa. Paulit-ulit din na maririnig ang iba't ibang pangalan kaugnay sa kompetisyon, tulad nina Forty Mulawin, Bam Ubos-Bala, Mekdo Mawawalana, at Jescom Tong-its. Para sa mga atleta, nagiging pangarap ang katanyagan at mga bagay na nauugnay dito, bukod sa kagustuhan sa mismong laro.

Paano kaya nakakarating dito ang isang atleta? Play-making? Pagiging batak? Puso? Mambo Mentality? Pagiging ahas? Tuta ng Most Valuable Sponsor? Sex appeal? Pagod na sa 6-peat kangkong? Karelasyon kay Satanas?

Dito ang sakayan patungong paraiso, kung saan hindi sira ang kalsada, walang pila sa labas ng opisina, at sa bahay na gawa sa ginto; ang tatlong susi sa pintuan ng tagumpay bilang isang atleta.

1
Mabango dapat ang apelyido mo.

Kahit ano pang trabaho ang papasukin ng isang tao, mahalaga ang pangalan, lalo na ang apelyido. Hindi ka seseryosohin kung Juan Pobre ang pangalan mo at wala namang bibili ng iyong mga tatak-Nyeam na pustiso.

Hindi sa walang pag-asa ang mga apelyidong hindi kilala. Sa kasaysayan ng UWAK (kasama na rin ang ibang propesyonal na liga), napakaraming mga atleta na nagsimula sa wala at nagretiro sa katanyagan, tulad ni Jef Pakganern, Nasira Siyaco, at Xerox Ubostinta. Ngunit, sa bawat larangan at propesyon, mahalaga ang pangalan higit sa lahat. Ito ang dahilan kung bakit napakaraming tao ang nakapapasok sa mga prestihiyosong kolehiyo o pamantasan, o kaya nakakapaglaro sa mga tanyag na koponan.

Kung alam ng koponan at Pamantasan na mahusay kang maglaro at makakapagbigay ka ng anumang magandang publisidad para sa kanila, gagawin nina Padre, Doc, Kap, Sir, Coach, at Direk ang lahat para makapaglaro ka sa kanila. Magiging parang trapik sa EDSA ang haba ng pila nila para makuha ka nila sa kanilang koponan: mahabang-haba, walang katapusan, at puro butas at barrier ang daan. Sa mga entrance exam ng mga institusyon, imbis na walang katapusang pag-shade ng bilog, kailangan mo lang gayahin ang loro o parroting. Ulitin mo lang ang mga naririnig mong tunog at siguradong papasa ka na kahit na gaano katanga ang ginagawa mo. Kagaya ito sa nangyari noon sa Pamantasang De Los Sabunutan, kung saan sinuspinde ang lahat ng koponan sa buong Pamantasan dahil may dalawang nahuli na hindi pa sapat ang pagiging loro nila. Peke raw ang kanilang ginawang impresyon ng ibong iyon.

2
Makapal dapat ang iyong pitaka.

Tandaan mo na mabibili ang lahat. Walang katapusan ang listahan ng mga kakayahan ng pera. Hindi mo akalaing makakapagsalita ang buwaya, makakatulog ang tuta, at nagiging buwitre ang manok, pero nakakamit ang lahat na ito at iba pa dahil sa pera.

Magastos ang paglalaro, lalo na kapag isa ka ring mag-aaral. Sabay ang gastos sa ensayo at aral. Kaya malaking bagay ang pera. Pero paano sa wala? Dito pumapasok ang mga scholarship na galing sa mga sponsor, mga baboy na nagpapanggap na kuting. Hindi mo akalain na ang mga napakayamang mga sponsor tulad ni Lupang Tinuyo, Hopia Sepulturero Sr., at si Maselang Voldemort Pumlahiyo ang mga nagpapamukhang mabait, kahit pa man ginagawang pampataba ng pitaka ang mga institusyong sinusuportahan nila. Nakakagawa sila ng ganitong kababalaghan dahil depende rin minsan sa kanila ang pondo. Hindi ba't sila ang dahilan sa pagpapatayo ng Maselang Voldemort Pumlahiyo Center, Hopia Sepulturero Sr. Hall, at ang Tinuyo Yung Kahoy Student Center (na ipinamigay ni Lupang Tinuyo) sa mga pamantasang sinusuportahan nila. Sila ang may hawak ng pera kaya sila ang mapupuntahan mo kung umiiyak na ang iyong bulsa. Piliin mo; Walang laman pero may dignidad o kaya punung-puno ang bulsa pero hahalikan mo ang puwet ng baboy?

3
"Kung gusto, maraming paraan. Kung ayaw, maraming dahilan."

Kung gusto ka ng koponan, gagawa sila ng paraan upang makalaro ka para sa kanila. Kaugnay nito, kailangan mo lang sabihin na magiging robot ka at tagagawa ng lahat habang ang karamihan sa katanyagan ay hindi mapupunta sa iyo. Tignan mo si Nasira Siyaco. Magaling sa UWAK, pumalpak sa Panot Bilbil Association dahil sa sobrang daming multa na ipinabayad sa kanya. Ngayon, pulubi na si Siyaco, na-Tokhang dahil inakalang naka-shabu dahil palaging mukha siyang bangag.

Bukod pa sa pagiging robot, kailangan mong masanay na halikan ang puwet ng baboy para sa pagkakataong maglaro ka sa koponan. Kinakailangan na paulit-ulit itong gawin hanggang makinig sila sa iyo at hindi ka nalulumbay sa kasiyahan sa paghalik sa kanila. Kung gusto mo maglaro, gagawin mo ang mga iyon. Kung ayaw, sisirit ka ng sangkatutak na dahilan kung bakit sa tingin mo ay nakakasuka ito.

Isipin mo ang pinakamagandang babae sa buong mundo para sa iyo. Sabihin natin na hinahabol mo siya at gusto mo na siya ang magkagusto sa iyo. Kung talagang gusto mo siya, gagawa ka ng kung anu-ano para lang mapansin ka, kahit na bawal pa man ito. Ganyan din sa UWAK. Kung hindi ka pinansin, subukan mo lang at posibleng mapapansin ka hangga't kaya ng katawan, pangalan at pitaka. Kung ayaw mo na o kaya ubos na ang iyong lakas, maging kuntento na sa iyong panonood ng laro. Siguradong may mga ibang manlalaro na uusbong at kukunin ang lahat ng katanyagan na makukuha niya dahil napansin at napasagot niya ang kanyang koponan, sponsor, at institusyon.





H2O PRESENTS

LENEE THE ESCAPEE

Interbyu at sining ni **Mr. Lex Satanas**, at lapat ni **Micah Uson**

MR. LEX SATANAS

VP Lenee Rodrigo, marami pong nagsasabing pumunta ka sa New York, kasama ang buong pamilya!? Mare, hindi ba papunta na ang demonyong si Nina sa bahay niyo?

VP LENEE RODRIGO

Ay! Oo. Pumunta yung mga anak ko doon. Doon rin silang nag-sho-shopping shopping eh. At least, hindi na kami mabasa! At meron pang performance galing sa isang Fil-Am orchestra sa loob ng teatro! O di ba?! Ang ganda ng bakasyon namin!? Tapos, tingnan mo itong bag na ito! Gucci, o! Pamigay lang ito ng mga nasa orchestra! Akalain mo galing Greenhills ire!!!

MR. LEX SATANAS

Umalis raw kayo doon patungong New York, dahil gusto n'yo pumunta ng doktor? Eh meron naman dito sa 'Pinas. Mas mura pa roon!

VP LENEE RODRIGO

AH! Eh, umalis muna tayo dahil kailangan ko nang hiwalayan ang aking trolls. 'Di ba sabi nila palagi tayong maging positibo sa buhay? E, Eh... Ewan ko! Nakimeet din ako sa isang doktor ng genetics. Si Shmuel McBlow ang ikinapanayam ko eh! POGI NIYA itekch! Dun kami nagpa-stem cell therapy. Pina-enhance ko ang aking skills bilang isang pangalawang pangulo ng Finas! Kasama na roon ang +15 skill sa Charisma, +25 sa Persuasion, at +30 sa Beauty.

MR. LEX SATANAS

MaMada, pumunta rin kayo sa South Africa kasama ang mga kaibigan mo? May bakasiyon pa ba?

VP LENEE RODRIGO

Ah. Ginawa ko iyon dahil may ipaplano kaming rain check para sa namamatay na Liberatong Party-Party. Hindi ba puwede namang makipagpulong sa mga taong naniniwala sa karapatang maging malusog na grupo sa pamahalaang DDS (Digmang Drogo Syndrome)? May ipinaglalaban kasing karapatan, kasama ang mga adik! Puwes, kahit yung adik na si Duterte'y bibigyang pagkakataong mabuhay! Ayoko namang mabaon muli ang aking aswang Jessy Robredone. Hingi rin kami ng tulong sa ibang kakilala namin. Kasama na roon si...

MR. LEX SATANAS

Kung gayon po ang iyong mga dahilan, paano na po ang media'y hindi nagcover sa iyo?

VP LENEE RODRIGO

Eh, ewan namin. Parang may gustong gawing teleserye ang buhay namin. Mahal kami ni Inquiry, ABS-Co, at ni GM-Ay! Kapag kami naman ang tumulong magpagawa ng bahay, yung mga pagpunta sa mga lecture at iba pa... Ay naku! Naalala ko pa yung paghintay ko ng bus. Pfft. Nakuhanan pa ako ng picture, binalita! 'Langya. May Louis Vuitton pa ako. Tapos, ang husay ko nun. Sa isa pang banda, nag-drive ako papuntang LTO at nagpa-renew ng lisensiya. Aba siyempre, naroon ang mga fans para sa akin, dahil nagdala kami ng sariling pampasikat! *Chuckles*

THE LADIES OF DADDY DUTS' CABINET

Sulat ni **Abdul Jaqul Habatiti**, at Sining at Lapat ni **Micah Uson**

Kilala na nating lahat si Daddy Duts, na tatay ng buong bansa. Kilalanin naman natin ang kanyang harem: ang mga chickababes in uniform na katulong niya sa pagpapatakbo ng bansa. Ika nga, ang tunay na lalaki, lagpas sa daliri ang chicks. Hindi na eksepsiyon diyan si Daddy Duts. Syempre, hindi niya tayo kayang iligtas mula sa drags at kraym nang mag-isa. Kaya may Kabinet si Duts. Piling-pili ang kasama rito. Sino-sino sila at paano nila nakuha ang pag-aprub ni Daddy Duts?

Pamilyar tayo sa mga turn-offs niya. *Ay het drags*, ika nga niya. Pero di pa lingid sa atin na ang pinakamalaking turn-on kay Duts ay loyalty. Dahil nga macho at dominant, pinaka-type niya yung susunod sa lahat ng gusto niya nang walang-alinlangan. At saan pa ba may mas loyal kung hindi sa Arousing Females of the Philippines o AFP?

Kilalanin natin ang mga AFP na ito. Iba't ibang trabaho ang inilaan sa kanila ni Daddy Duts: ang iba sa pagkain, ang iba sa kalikasan at iba pa. Hindi na bale na walang alam sa gagawin ang mga chikababes; basta loyal kay Duts, puwede!

- Si **ERICA ANO-ANO** ang paboritong chickababes ni Duts. Siya na ang lider ng mga AFP, siya pa ang may hawak sa mga mayor, barangay, at maging sa mga PNP (Patay nang Patay). Smart is sexy, kaya wala nang mas seseksi pa sa intelligence specialist. 'Di lang siya magaling mag-master-bait, magaling din mag-mastermind!

- Si **RHOI CUM-ATU** ang in-tsards ni Duts sa mga puno, ilog, at mga minahan. Si Rhoi ang rich girl ng grupo. 'Di na mahalaga na walang alam sa mga kalikasan. Kay Cum-atu, may pasalubong ka na, may pabaon pa, may sobra ka pang mabubulsa!

- Si **REYNA BIROYA** ang bahala sa mga tren sa Maynila. Hobby niya ang mga magic tricks – kaya niyang magpawala ng kahit ano, baraha man, kalapati, o kuneho. Paano niya maaayos ang siksikan at sobrang init na mga tren? Simple lang: papawalain niya lang ang mga tao!

- Bakit ibinigay ni Duts kay **RICA VIGANIA** ang trabaho ng irigasyon sa mga sakahan? Dahil artsy at creative, alam ni Rica na masyadong boring ang kulay ng tubig. Mas gusto niya na colorful ang patubig! At alam ni Duts na may karanasan na siyang magpadaloy ng pula sa lupang-sakahan.

- Sina **DANICA LILIM**, **NICOLE FAELAYFAY**, at **JANICE AQUIQUI** ay inilagay sa kung saan-saang puwesto ni Duts: sa traffic, sa mga imports, at kahit sa bigas. Hindi malinaw kung bakit sila nasa kani-kanilang katungkulan, dahil ang tunay na passion nila ay music. May sariling banda itong tatlo, ang *The Mutineers*.

Throwback! Gaya ni Daddy Duts, noong panahon ni Ate Glow ay pinuno niya rin ng mga AFP ang gabinete. Natipuhan ni Ate Glow ang seguridad na dala kapag naliligiran ng mga chickababes na ito, lalo na't maraming gustong magpatalsik sa kanya noon. Girl Power!



USAPANG ORAL #TALKDIRTY

Sulat ni **Ellen the Darna**, Sining ni **Snowball117**, at Lapat ni **Anak ng TinaPie**

Namamasang dila. Siksik, liglig, at umaapaw na ang panggigigil na kanina pang gustong kumawala...

Papasukin ko na 'tong madilim na mundong walang ibang makaririnig o makakakita. Dito, malaya kong mapaglalaruan ang aking dila. Ngayon, ako lang at ang putang ina. Matagal ko nang gustong i-kama ang putang ina. Nakasama ko na siya sa labas noon, pero bawal daw e. Ewan. Sikat naman siya. Maraming gumagamit sa kanya. Napakakontrobersyal naman. Nae-excite tuloy ako. Napakamisteryoso. Kaya dito, dito ko lamang siya mahuhubaran at paliligayahin hanggang sa mailantad ang tunay na siya.

Hahalukayin ko ang kanyang nakaraan.

"Bakit ba para kang lintang dumidikit sa buhay ni Pareng Noypi? Puta, hindi ka mawala-wala sa mga sinasabi niya e! Ganun na ba siya kaadik sayo?!"

Sabi ni Mami at Dadi bad yan e. Sabi rin ni titser... Wag kong susubuk--
Shh, wala namang ibang nandito. Dito natin ilalabas LAHAT...
Isa-isahin muna ang letra: P-U-T-A-N-G-I-N-A.
Dahan-dahan...

"Madalas kitang nakikitang tumatambay sa labas. Nag-aabang. Alam mo, hindi mo na kailangang magpaakit para may maakit sayo..."

"Coz mahuhumaling din naman sila no matter what. Ako na nga bukambibig. Wala na silang ibang kayang sabihin. Dahil kulang inaral nila? Deins. Iba lang talaga lupit ko, at anu't ano pa man gagamitin ako ng kung sino."

"Puta, kaya pala e. Kahit si Ser sa school. Nung unang beses ka niyang nabanggit sa amin, natigilan kami. May mga tumawa. Ngayon sikat na si Ser. Laging pinapalakpakan. Mas may dating daw kasi ang mensahe niya kung ikaw ang bida. Masarap ba? Ididiin ko pa?"

"Nga pala. Si PDurts din pinapatulan ako. Adik nga sakin. Andaming nagalit nung hinarap ako sa madla. Lalo na mga lola."

"At binalak mo talaga maging first lady ampota. At ang puta nga naman kapag nanganak wagas. Pocha. Tangina. Puke ng Ina. Anuna. Bakit dumarami angkan niyo mga salot kayo?! Ngayon, pati bata, hindi mo na pinalamp-POOH-TUHNG-EE-NAAAAH!

"See? Ano naman? Come on guys, it's 2017! Pag ginagago ka ng gago magpapagago ka lang? Use me... Promise, I can make you feel fuckin' better. It's weird at first pero masasanay ka rin. I'm gonna slide through your mouth smoothly than ever before, at hahanap-hanapin mo na ako."

"Sino ka ba talaga?"

"Alalahanin mong biktima rin ako. Insulto ang paggamit sa akin bilang insulto sa iba. Ano ba ako? Walang halaga, nagbibigay-halaga, o nangwawasak ng halaga ng iba? Bakit ako lang? Bakit walang 'putang ama'? Kaya eto, nagpapakaputa para naman may silbi ako sa kanila. To make myself powerful mwahaha! Maging ikaw na hindi babae, natatawag sa pangalan ko di ba?"

"Ayoko na nga. Tama nga sila, masama ka. Putangina, diyan ka na nga."

Gumaan ang loob ko nang iwan sa kwarto ang putang ina. Hindi naman ako nahuli. Hindi ako mapagagalitan o mapagsasabihan. Naisip kong doon nga siya nababagay. Doon lamang. Hindi ko na siya muling babanggitin kaninuman.

Pero bigla akong nakaramdam ng pagbigat ng aking mga hakbang...

Kailan kaya kami muling magkikita?



FAST TALK WITH TATI LICATUTAN

Sulat at panayam ni **Chupapa**, at Sining at Lapat ni **Micah Uson**

Name:

Tati Licatutan

Age:

is just a number ;)

Nationality:

Filipino (pero three units na lang)

What is love?

I believe people each find love differently. Some find love in first sight, some take a long time, and some are better off to take vocational courses.

What was the last movie you watched?

Yung kay Bruce Willis, yung Live Free or Die Hard. I didn't like it.

Why live free?

It doesn't benefit the poorest of the poor!

Who is your favorite Bible character?

Sina Isaiah, Jeremiah, Daniel, mga ganun. Mahilig kasi ako sa prophet eh!

How do you exercise your brain?

I build up my vocabulary. I try to find better words instead of the ones commonly used. Halimbawa, I say "jovial" instead of "happy". I say "miniscule" instead of "small". And I say "socialized" instead of "free".

Favorite part of the body:

Private parts! Mas gusto ko kasi kapag private!

Does size matter?


Yes, the bigger, the better! And what's best is to grow every year. 6% increase every year ;)

What is your advice to young people?

Go and see the world! The Eiffel Tower in France, Big Ben in London, nurses in Germany, hotel staff in the Middle East, IT workers in Japan...

SAAN AABOT ANG 365M MO?

Sulat ni **Mamshie Yora**, Sining ni **Snowball117**, at Lapat ni **tiny4k**



9 na buwan. 17 bansa. 21 biyaheng internasyonal. Halos 24 delegadong sabit sa eroplano. Saan nga ba aabot ang 386 milyong pisong buwis ng mga Pilipino?



Sa pagkarami-rami ng mga destinasyon at romantikong bakasyunan na maaaring maging tagpuan ng isang perpekto at romantikong honeymoon na inilibre sa amin ng bawat Pilipinong nagbabayad ng buwis, narito ang tatlo sa pinakamura at pinakamagandang lokasyon na amin nang napuntahan para sa mga bagong kasal o sa mga magsing-irog na nagpapainit ng kanilang mga nanlalamig na puso at nagwawaldas ng salaping di naman sa kanila.

PINAKAROMANTIKO

Bali, Indonesia

BAKIT DAPAT PUNTAHAN

Ang islang ito ay tunay na nakakaakit sa mga naghahanap ng romansa dahil sa nakakabighaning mga templo, magagandang bulubunduking tanawin at masiglang sining at kultura.

SAAN DAPAT MANATILI

Maaaring manatili sa Grand Whaaaat Hotel sa murang halaga na 1 milyong piso kada gabi. Nakaharap sa kalmado at asul na dagat ng Bali ang higanteng kuwarto na perpekto sa pag-aabang ng paglubog ng araw. Kasama ang aking Honeybee, sa silid na ito matatanaw ang napakagandang kalangitan sa gabi na puno ng bituing kasingdami ng piso ng bayan na nawaldas sa aking biyaheng ito.

ANO ANG MAAARING GAWIN

Maaring bisitahin ang Dalwa Tatlu Temple kasama ang iyong minamahal na matatagpuan sa isang bangin 1000 talampakan sa itaas ng karagatan. Dito nakilala ko si Yoko Wowo Weedodo na aking nakausap tungkol sa mga pag-aagawan sa South China Sea at estado ni Maria Juana Volose. Dito rin matatanaw ang buong kapuluan at karagatan na kasinlinaw ng korupsiyon sa bawat biyahe ko kasama ang halos dalawang dosenang alipin este opisyal ng gobyernoe.

PINAKAPAYAK

Qatar

BAKIT DAPAT PUNTAHAN

Ito ay para sa mga naghahanap ng kakaibang honeymoon at gustong takasan ang mga responsabilidad sa trabaho ngunit gusto pa ring manatili sa siyudad.

SAAN DAPAT MANATILI

Maaaring subukan ang napakaganda at mamahaling hotel na Burp Ar Alab. Sa pagsapit ng dilim, tanaw ang maliwanag na bituin at kalmadong alon ng dagat sa paligid. Dinig ang hampas ng malamig na hangin sa bawat alonat ramdam ang simoy ng hangin. Mula sa bintana ng 69th floor, parang romantikong teleserye ang tagpuan kung saan kasama ko sina Pelipines National Police Director General Donaldo Dak Rose at Armed Forces of the Pelipines General Eddiewaw Anu. Bukod sa magandang tanawin, makikita rin mula sa aming palapag ang halos 6000 Pilipinong manggagawang nakapalibot sa lugar. Bakas na ang karamihan sa kanila ay nagtatago sa mga opisyal ng embahada at nagmamatiyag sa sinumang maaaring manghuli sa kanila at magpatapon sa Pelipines.

ANO ANG MAAARING GAWIN

Maaaring sulitin ang P63M gastos sa biyaheng ito sa pamamagitan ng paggulong sa mga malalawak na buhanginan. Magtakbuhan sa ilalim ng tirik ng araw at mapuwing sa bawat sa ihip ng hangin. Dito ko mas nagustuhan pa si Mocha Uthong kung kaya napadalas ang kanyang pagsama sa mga sumunod ko pang biyahe. Kung maraming oras, maaaring subukang magbilang ng butil ng buhangin at tukuyin kung kasindami ba nito ang nasayang na piso mula sa kaban ng bayan sa biyaheng ito.

PINAKAKAKAIBA

Macho Pikachu Pueblo, Peru



BAKIT DAPAT PUNTAHAN

Kung naghahanap kayo ng asawa na may pambihirang karanasan sa halagang P86M, pumunta na sa Peru na tahanan ng mga naggagandahang tanawin gaya ng Bundok Andes at Pikachu Citadel.

SAAN DAPAT MANATILI

Bago tumungo sa Peru, maaaring dumaan muna sa New Zealand para iwasan ang anumang pakikisalamuha sa mga Amerikano. Pagkatapos ay maaaring manatili sa isang maluhong hotel na malapit sa Pikachu Citadel. Dito maaaring maranasan ang kultura ng mga taga-Peru na isang relihiyosong seremonya na pinamumunuan ng isang lokal na shaman. Ito na ang pagkakataon na ipagdasal ang libo-libong biktima ng EJK.





ANO ANG MAAARING GAWIN

Pinakasikat na gawain ang trekking kung saan makikita ang kagandahan ng lumang siyudad at bundok na nakapalibot dito. Isang perpektong karanasan kasama ang iyong minamahal o kahit ang tatlumpong delegasyon na nakasama sa iyong biyahe nang walang bayad gaya ni Department of Foreign American Perfecto Yasaid.

Ilan lamang ang mga ito sa aking mairerekomenda sa inyong honeymoon. Kung gusto niyong masubukan ang aming world tour, tumakbo lamang sa susunod na 2022 national election, mag-hire ng maraming keyboard warriors na siyang magpapakalat sa Peysbuk ng mga fake news at paniwalain ang 16M mga boboto na isa kang politikong may puso para sa bawat Pelipino.

Para sa mga katanungan, suhestiyon at komento, mag email lamang sa akin sa pdutz.sulittravel@perangbayanto.com





MAJESTIC SIGHTS- WHY IT'S MORE FUN IN THE PHILIPPINES

Trust us. It's the vacation to die for.

Sulat ni **Hindilaw**, Sining at Lapat ni **Anak ng TinaPie**

FHM covers the sights of the Philippines! Presenting the country's real colors is long overdue. The island nation, said to have an oriental and western mix should be on top of every adventurer's wishlist. If you are looking for a place to deepen or even reignite the romance then this is it! Imagine going to the other side of the world and witnessing an amazing spectacle full of risk, novelty, grandeur and heritage. It seriously beats any show on TV. It will leave you wondering "Is this all serious?" In fact, the adventure starts once the plane touches the runway.

THE SIGHTS

NAIA


NAIA gives you romantic suspense and hospitality. There is a difference. Claiming your luggage, passing through checkpoints and experiencing the metro through supposedly luxury and undeniably overpriced taxi enhances amour. The hospitality is so good that airport staff seemingly do not want you to leave. The escalators stop at random. Power randomly runs out. The ceilings are about to cave in. Celebrities have brawls for your entertainment. The comfort rooms are top notch.

To add cherry to the welcome chocolate cake, The appealing souvenir is left for last! What other country would give you a complimentary bullet neatly placed in your luggage as a welcome gift? That costs a lot and it is right that tourists pay the authorities for the nice treatment.



EDSA

EDSA is not just a road but an institution, the metro's main road. The citizens are clean and green that is why the architecture of their homes is minimalistic and modern. Pinoy modernism is everywhere, under bridges, by the river, by train tracks or directly beside big business hubs. Due to innovation, enjoy the new and improved motorcycle which provides space for four people, two of which, usually kids, have no helmets. Do not forget the sight of colorful jeepneys and the vintage looking buses. Apologies for the smoke belching and the aggressive driving, that's heritage.



MALACAÑANG PALACE

This is the most sacred place. Saying bad things about it is blasphemy. It's that simple. Pay respects.

NEW BORACAY, MUNTINLUPA

Forget everything you know about prisons. Filipino hospitality gives you New Boracay! With its own recording studio, air conditioned facilities, shopping deals better than SM Supermalls, imported tubs and even a spa, they truly have it all for you! TVs, aircon, Video game console, signature clothes, imported cigars? They'll give it. Very Influential Penitents (VIPs) treat the police like their maids. Police can just choose people to be their punching bags. It's easy to be the next Manny Pacquiao after all. After serving here, why not run for politics? New Boracay is win-win for everybody.



THE PEOPLE



THE SUPERATHLETES

Aside from Basketball, Track and Field should be considered a good investment. Imagine having the whole metro as training grounds? These kids are magicians. Fun fact: They really love souvenirs. It can be your car wipers, your wallets or your bags in general. Cellphones are great too. As an added bonus, the police even offer to help the athletes in their training sessions for a part of the loot of course. Surely, running from Point A to Point B with multiple handbags and phones is difficult but in true athletic fashion, it is great to start them young.



THE NETIZENS BUREAU OF INVESTIGATION (NBI)

Netizens make great investigators and accountants. Receipts come out of nowhere. The real investigative body, the Netizens Bureau of Investigation are seemingly omnipresent and surprisingly all-seeing and all-knowing. No one in the world spends more time in social media than them. Filipinos stay online for an average of 4 hrs and 17 min. Pride indeed.

THE REPTILIANS

The House of Reptilesentatives is their home. Meetings are short and boring because most of them are on vacation. Sure they vote and have random speeches and shows but hey, life is good for these people. They love pork. Nevertheless, they are entertaining. We must admit though, they're quite messy. When you meet them, always give them compliments. Do not remind them of the following: 1) Dirty Laundry... usually caused by salty sidechicks, sex scandals and the like 2) Any ideas on Plagiarism. As in. They work hard for their speeches and shows. 3) Theology. God is on their side especially on the drug war. 3) Madam Janet Napoleon and their bank accounts.

A little warning for everyone though. The group is easily triggered and if so, persona non grata for you. That just means... Goodbye Philippines.

This article has the basics. Many people would kill for this vacation. It's out of this world and truly worth dying for. If in entering the country you would ask if this is serious, leaving it would then lead you to ask those boring people out there "Why so serious?" No doubt, it is most fun in the Philippines. It's where you can rest in peace.

Endnote: We wanted to help in the country's tourism campaign since we heard that they are having difficulties. Perhaps people should do the same?

P.S #NoticeUsSenpaiDugong



Beauty Obsessions

Sulat ni **Tino D. Titihin** at Lapat ni **tiny4k**

Isa sa mga kahinaan ng kababaihan ay ang maskuladong katawan at maamong mukha ng mga kalalakihan. Kaya parami na nang parami ang mga kalalakihang dumarayo sa pinakamagagaling na dermatologists sa bansa. Maraming mga Emfoy ang hitsura na nagiging Piolo Pasko matapos ang katakot-takot na retoke.

Ang dahilan ng pagpaparetoke ng mga kalalakihan ay para daw, maging mas katanggap-tanggap sa mga kababaihan, mapaganda at tumaas ang kumpyansa sa sarili. Kaya kahit pangit naman talaga ang hitsura o pangit ang pag-uugali, nagiging maganda dahil sa maayos na panlabas na anyo.

Narito at ilalahad natin ang ilan sa mga pinaretoke ng isang lalaking tagasubaybay ng ating magasin. Nais niyang itago natin siya sa pangalang Arteño. Marami na raw siyang naiparetoke kay Dra. Bekang Vilchez at ngayon ilalahad niya ang mga pagbabagong nangyari sa kanyang buhay.

Dear FHM,

Ako po si Arteño, isang masugid na mambabasa ng inyong magasin. Nais ko po sanang ibahagi ang ilang mga bagay na ipinaretoke ko at kung papaanong nagbago ang aking buhay simula nang magbago ang aking pisikal na anyo.

Una ko pong ipinagawa ang aking mukha. Bata pa po ako nang halos putaktihin ako ng tigyawat sa mukha. Di mahulugang karayom ang aking mukha sa tigyawat. Lagi ko ring pinuputok ito lalo na kung hinog na at nakikita mo na ang nana. Kaya ganoon na lamang ang dami rin ng sugat at lubak sa aking mukha. Kaya pina-aspalto ko ang aking mukha, ipinalagyan ng kung ano-anong mga cream at tapal ang ginawa ni Dok Vichezz. Kahit na hindi man lang niya pinaayos ang diet ko, ang stress level ko, basta tapalan lang daw okay na. Ang mas importante ay maganda ang labas. Tinutubuan pa rin ako ng malalaking tigyawat at patuloy ko pa ring pinuputok ito at tatapalan na lang ni doktora. Milyones na nga ang nagastos ko sa tapat na ginagawa ni doktora.

Pawisin din kasi akong lalaki at hindi ito kaaya-aya. Kaya, ipinagawa ko rin ang aking pawisang katawan kay Dok Vichezz. Halos araw-araw, timba-timbang pawis ang lumalabas sa aking katawan. Ang sabi ni dok, tatapalan daw niya ng mga "mini-bricks" na parang magiging semento sa aking katawan na pipigil sa aking pagpapawis. Mainam daw ito dahil organic daw ang mga mini-bricks na proudly made in the Philippines.

Kung kaya naman, walang pagdadalawang isip kong ipinagawa ito. Nang lumipas ang ilang linggo, nakita ko ang resulta, hindi nga ako pinagpapawisan nang ganoon katindi katulad ng dati. Ngunit, makalipas ang ilang linggo, may napansin ang aking mga kaibigan. Kapag ako'y lalapitan nila at kakalabitin o hahawakan ang aking braso, tumatalsik sa kanila ang pawis ko. Bumubuka ang mga mini-bricks na inilagay ni doktora at tumatalsik ang pawis sa aking mga kaibigan. Ikinonsulta ko kay dok at sabi niya, tapalan na lang daw ng semento sa ilalim at sa itaas ay mini-bricks ulit. Wala nang pawis na tatalsik, maganda pa tingnan kasi organic at environment-friendly.

Sunod ko pong pinagawa ay ang aking buhok. Dahil lagi akong babad sa araw, kailangan mayroon akong paunang panangga sa init, at ito ang aking buhok. Kaya naman kung ano anong ipinatanim ko sa aking ulo. Okay na raw kahit peluka basta may mailagay. Wala man lamang inirekomenda si doktora na mga vitamins, oils o kahit ano pang maaaring idagdag para maging matibay ito. Nakailang balik na rin ako kay dok kasi ilang beses nang nalagas at namula ang aking anit. Pero, lagi na lang niyang sinabing pahiran ko lang daw ng Katinko.

Huli kong pinagawa ay ang aking mga ngipin. Marami kasi akong bulok na ngipin kaya inirekomenda ni doktora na ipasta ito at lagyan ng braces. May ilan din akong sungki kaya inirekomenda ito ni doktora. Ilang taon nang nakakabit ang aking braces, at nakita ko naman kahit papaano ang pagbabago pero laging sumasakit ang aking bulok na ngipin. Hindi raw puwedeng bunutin sabi ni doktora kaya pinagkakatiwalaan ko siya. Iyon nga lang, marami sa aking mga kaibigan ang nagsasabing mabaho ang aking hininga dahil hindi ko ipinabubunot ang bulok kong mga ngipin.

Sa totoo lang andami kong pinagsisisihan sa lahat ng pinagawa ko. Gumanda nga ang panlabas na anyo pero hindi ko naman nasolusyunan ang mga pangangailangang mas malalim o ang pinaka-ugat ng aking problema. Puro lang ako pagpapaganda ng panlabas na anyo, pero hindi ko napapabuti ang kalagayan ng aking sariling katawan.

Isang paalala lamang sa mga kapuwa-mambabasa ng magasin na ito. Mag-ingat sa mga planong pagpaparetoke. Wala namang masama lalo na kung para ito sa ikabubuti. Ngunit, mahalagang alamin ang pinakaugat ng problema at ito ang tugunan. Huwag umasa sa pantapal na solusyon.

Arteneo

Kaya mahalagang tandaan nating mga kalalakihan, kung mayroong problema at nais na solusyunan ito, tiyakin na alam mo ang ugat ng problema at alamin kung paapaano ito tutugunan. Ang pagpaparetoke ay isang pamamaraan ngunit hindi ito ang katangi-tanging solusyon. Dapat alamin kung papaano mapapabuti ang sarili at ang kondisyong pinagdaraanan at hindi lamang patuloy na takpan ang problema sa pamamagitan ng pagpapaganda ng panlabas na anyo.

FHM'S TOP TEN SEXIEST MOVES BY SIZZLING MEN

Sulat ni **Hindilaw**, Sining at Lapat ni **Anak ng TinaPie**

Mauhaw sa unang tingin! Dahil tradisyunal na sa pahayagan ang listahan ng pinakamasasarap at pinakamainit, narito na ang pinakainaasam. Inihahandog ng FHM ang pinakamatipuno, pinakamabagsik at pinakamachong mga kalalakihan. Tampok ang kanilang greatest hits, ang kanilang secret techniques. Ito na ang iyong cheat sheet! Matutong maging kasing-init at kasinsarap ng Sizzling Sisig! Ito na ang Top 10 Sexiest Moves by Sizzling Men!

10.

WHEN IN DOUBT, FLATTER

Noong unang panahon, taong 2012, panahon ng kamangmangan at kawalan, nagulat at nagbago ang sangkatauhan dahil sa tanyag na talino ni Tito Shokoy. "Imitation is the finest form of flattery." Di lang pampulitika ang advice na iyan. Kung makakita ng love quotes sa FB, Twitter o Tumblr, kopyahin. Pagdating naman sa sexual advice. Simple lang. Na-ano ka lang. Timeless iyan. Isapuso.

9.

PAGDATING SA PAG-IBIG, THE MORE THE MERRIER

"Love makes the world a better place" ika nga. Kaya naman bakit iisa lamang ang iibigin? Gayahin mo ang Kongreso. Sa dami ng chicks sa mundo, magpakasaya at magpakasasa. Nagshout out nga sa SONA si Supreme Leader. Norm ito. Baduy ang hindi sumunod. Variety is the spice of life. Lalo na kapag ubod ka ng biyaya. Warning lang. Siguraduhin mong walang rambulan. Kasi sa huli baka ikaw yung masaktan.

8.

KAPAG MAY OKASYON ANG BARKADA, MAGDALA NG CHICKS.

Kulang ang DJ, emcee at slideshow turned video ng celebrant na may cliché tunes. Old school iyan. Mas masaya kung may chicks. Lalo na yung magagaling magbigay ng lapdance. Kapag nahuli ng significant other o nilabas sa web, huwag matakot o mahiya. Isipin mo na lang, nakalusot ang mga lolo mo na galing LP, yung Lolo Party na mahilig sa kulay dilaw. Nanalo naman kandidata nila diba? VP pa rin ang Tiya Lenin mo.

7.

PAG-ARALAN ANG KASAYSAYAN NG MGA GRAND MASTER"

Bago naging Hokage si Naruto, nagpaturo muna siya sa kanyang mga sensei. In real life, sumali sa followers ni Pastor Hokage. Kung gusto mong maging sizzling, mag-aral nang maigi. Nandiyan ang mga video. Isama pa ang comment section. Maghalungkat at makitsismis. Mamulat at mamangha kay Grand Master Kanor, siya ang pinakatanyag at tunay na matipuno. Bumili ng mga hidden cam. Matutong gumamit ng video editor at Photoshop. Mag-ipon. Higit sa lahat, huwag itong kalimutan. Ang tunay na ninja hindi nabibisto.

6.

DO SOMETHING OUT OF THIS WORLD."


Importante ang confidence. Confidence and innovation go hand in hand. Magpakitang gilas! Magpropose gamit ang billboard. Kahit anong imbitasyon pwede dito. Sinehan? Starbucks? Dinner sa McDo? (kahit cheap ito at medyo sketch ka...) Go lang! Siguradong hahanga ang napupusuan mo sa iyong katapangan. Di lang iyon. Dadami pa ang admirers mo sa social media. Maraming mafafall. Madadaig mo ang mga Papa P ng mundo. Gumana to para kay Xian Gahaza. Malay mo maging next ka!

5.

HUWAG KALIMUTANG PUNAHIN... ANG LEGS"

Mahilig ang mga chicks sa bibo, sa paloloko. Ika nga mahilig silang magpaloko sa loko-loko. Kung gusto mo ng pogi points, gayahin mo si Tatay Dugong! Kapag may krisis o maling nagawa bigyan ng papuri ang legs ng minamahal. Diba, tulad ng legs ng ating Tiya Lenin. Killer. Siguradong panalo ka pa sa Public Relations. Dahil ginamit ng presidente, patunay iyan na di ka nag-iisa. For sure, mas maiinlove pa siya sayo. Ok lang na huwag ka nang makinig sa sermon. Kasi naman truly mesmerizing and hypnotizing ang nakita mo. Para maiwasan ang gulo, matutong maging ninja. Refer to #7.





4.

HUMOR... PROFIT"

Lagyan ng thrill ang lovelife. Exercise control in all things. Patok ang rape jokes lalo na kapag "locker room talk" o kaya motivational speech para sa grupong sasabak sa kahit anong labanan o kompetisyon. Patok rin siya sa pag-akit o comedy. Isama na rin ang sari-saring mura for greater "comedic" effect. Putang ina, punyeta, gago, leche... Maraming choices. Ito na ang bagong trend ngayon. Change. Ika nga, it's the fantasy that counts.

3.

HUMALIK AGAD SA LABI PARA MAY POGI POINTS"

Paulit-ulit na namin sinasabi, maging matipuno upang maging sizzling. Huwag matakot. Pagdating sa unang pagkikita, halikan na agad. Mas maganda yung surprise. Huwag apologetic. Siguradong hall of fame and ending mo niyan. Magdagdag ka ng mga jokes para naman mas lumakas ang sex appeal. Habang ginagawa ito, gawin na rin yung susunod na sizzling move.

2.


KAPAG WALANG MAGAWA, ILABAS ANG SEX TAPE"

Kung tatagal ang usapan, ito ang secret weapon. Para itong serbesang nagpapawala ng mga problema sa mundo. Tanging ito lamang ang mapaguusapan. Mas nakaadik pa ito sa Fentanyl o ibang mga drahgs. Walang age restriction ito at easy access pa. Pati senadora walang lusot sa ganitong intriga. Kapag may boring moment, isama ito para naman mas magkaroon ng drama. Alam naman natin, ayaw natin ng boring, mapa-date man o trabaho.

1.

HIGIT SA LAHAT, MAGPAYAMAN."

Kapag may areglo, maghanda ng plano. Siguraduhin mong may insurance o backup plan. Huwag sabak nang sabak. Sizzling daw ang power trip. Go go go! Halimbawa, siguraduhing may kapamilyang abogado. Dapat yung magaling mambola. Malay mo maging Senador pa siya. Pwede ring magpalaki ng media following para mas maging prioridad ng korte. Halimbawa magkaroon ng hit TV show at lumuhod kapag may nangyaring kagaguhan. Lalo na kapag may death penalty. Gamitin ang entry #10. Kung husgahan, past is past. Huwag nang magmukmok. Madaming tao sa mundo. Madaming choices. Dahil sa kanilang kadakilaan, pati Eraserheads na-inspire sa kanila. Tulad ng isang sikat na barkada, uminom ka na lang ng Pepsi.



SPONSORED AD BY TITO OTTSO OTTSO



OPLAN TUKHANG

Sulat ni **Viagrus Jones**, at Sining at Lapat ni **Micah Uson**

Mayroong epidemikong kumakalat sa bansa na maaaring sumira sa kaayusan ng lipunang Filipino: ang bihirang pagtatalik ng mga mag-asawa. Ilang pamilya na ba ang nasira dahil laging pagod si misis pag-uwi mula trabaho? Ilang buhay ang nalugmok dahil panay walang gana si mister? Ang tanging solusyon ay ang pagdeklara ng War on Sexlessness. Para mabuhay ulit ang sex life, kailangang ipatupad ang Oplan Tuloy-tuloy na Khangtutan o Oplan Tukhang.



Mag-iwan ng **mga papel** sa sari-saring mga lugar sa bahay na may pangalan ng iyong misis o mister. Kapag nalaman niyang nasa **watchlist** siya, tiyak na agad siyang susuko sa iyo!



Gumawa kayo ng **pet names** para sa isa't isa. Kung Maria ang pangalan ni misis, bigla siyang tawaging NarcoMaria. Kung doctor si mister, tawagin siyang NarcoDoktor. Tiyak babalik ang mga alab na lumipas.



Para mas exciting, subukang **mag-dress up**. Minsan mas epektibo pa ang may kaunting suot kaysa hubo't hubad. Subukang magsuot ng karatulang cardboard. Wag tularan, pero may tuwaran!



Bilang **foreplay**, isaksak ang uten sa bibig habang nagsasalita ang partner. Ang tawag sa pagchuchupa habang mayroong salita sa bibig ay **whistleblowing**.



The Nanlaban. Habang tulog ang ka-partner, ihiga nang patalikod. Putukan nang tatlong beses sa ulo at likod, saka iwan ang iyong etits sa kanyang kamay bilang 'ebidensiya.'



Kung mas interesado sa BDSM, subukan ang **The Espinosa.** Katulad lamang ito ng Nanlaban pero nakatali, nakaposas o nakakulong ang partner, gaya ng sa Fifty Shades!



Collateral damage. Habang nakanganga't naghihintay ng iyong katas ang partner, putukan siya nang sobrang lakas na matatamaan kahit ang kanyang mata, tainga, o ilong.



Double Barrel. Humanap ng isa pang lalaking may malaking titi. Ito ang magsisilbing "big fish". Samantala, si mister ang magsisilbing "small fish". Ipasok ang "big fish" sa bibig at ang "small fish" sa kepyas. Mahalaga na "small fish" lang ang tirahin, at hanggang salita lang ang "big fish."

HARI, REYNA, O SIRENA?

Sulat ni **Sugablue**, Sining at Lapat ni **Anak ng TinaPie**



MGA RESULTA

JEYK ZONROX (HARI)

Isa kang kampeon! Kahit may mga kumukutya sa'yo, nananatili ka pa ring totoo sa sarili mo. Siguro nagdiriwang ka ng Happy T no? Speaking of happiness, kamusta na nga pala ang pagganap bilang Miyot sa La Lonely Sangre- ay joke! Hindi pala ikaw yun, hehe! 'Wag kang mag-alala, mayroon pa ring mga susuporta sa'yo, gaya nina Mommy Raquenrol at ang totoo mong fans. Pero syempre, meron ding h8trs pare. Dahil nasa kalagitnaan ka ng social class, mayroong mga nakauunawa sayo ngunit mayroon namang mga taong nagsasabing si Adan at Eba lamang ang nilikha ng Diyos *ehem* Lola Tezz *ehem*. Anyways, just brush it off bro. Maiintindihan niya rin yan in the future!

ANGGOY KONG (REYNA)

Congrats! Mapalad ka at mayroon kang suporta mula sa iyong pamilya at kaibigan, lalo na kay hot wifey! Di lamang yun, heiress ka ng isang sikat na motel chain (shall we say Victoria's Liner?) at mayroon ka pang mga friendships na tanggap ang iyong pagkatao, idagdag mo riyan si Mareng Catloin Jender. Dahil marami kang salapi- este money- at Western ang pag-iisip mo, madali kang natanggap ng madlang people noong lumabas ka sa closet. I'm sure hindi mo hinahayaan ang bashers to get in your head (bakit, sila ba ang may-ari ng Car Porn Racing?) Talk about #winninginlife!

SIRENA

Girl, bilib ako sa'yo. Isa kang bayani! Nagtatrabaho ka na sa umaga tapos pinaghahain mo pa ng hapunan ang pamilya mo sa gabi! Sa kasamaang palad, ang nakikita ng tatay mo ay isang lalaking nakadaster at hindi ang isang taong may mabuting puso. Idagdag pa riyan ang mga kapitbahay na puro satsat tungkol sa'yo. Sige nga, i-paspell mo nga sa kanila yung "gender fluidity" at "homosexuality." Stay strong, kahit mayroong mga naglalakihang mga brasong dumidikdik sa'yo at dram ng tubig ang sinisisid mo. Alam kong ang sarili mo lang ang iyong kayamanan at himpilan, pero kapit ka lang. Payt payt payt beshiebells!

Ang Tanganglawin ang taunang mapanuyang publikasyon o lampoon ng Matanglawin Ateneo — Ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Tumitindig ang Matanglawin para sa makatarungan, at malaya at mapagpalayang pagbibigay ng boses sa mga marhinalisado.

Sa Tanganglawin, nais ng pahayagang itatak ang mga problemang panlipunan sa isipan ng mga Atenista at iba pang kapuwang Pilipino sa pamamagitan ng makatawag-pansing pagpapatawa.

Nais din ng Tanga na ipabatid sa pamamagitan ng mapanuksong sining na hindi nalalayo ang katotohanan sa katatawanan.

Nakakapagpatawa pa rin ito, kahit nag-uumapaw na ang mga nakakapagpabagabag na usapin at suliranin sa lipunan, habang mayroong paghamon at pagmumulat sa mga mambabasa.

Sundan ang Matanglawin sa sumusunod na mga plataporma:

facebook.com/MatanglawinAteneo
twitter.com/MatanglawinADMU
matanglawin.ateneo@gmail.com

Ang Matanglawin Ateneo ay bahagi ng Kompederasyon ng mga Publikasyon ng Pamantasang Ateneo de Manila. Tumatanggap ang publikasyon ng mga aplikanteng mag-aaral sa kahit anong petsa ng taon, sa ilalim ng pagpapasya ng pamunuan ng Matanglawin.

Magmulat at mamulat. Matanglawin.

